4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Melvin C. Ubaldo (Pedro Guevara Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University –Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 1 /BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **1.** Nailalarawan ang pagkakakilanlang heograpikal pisikal ng Pilipinas.<br>**2.** Napaghahambing ang iba't ibang pangunahing anyong lupa at anyong tubig ng bansa. |
| **D. Nilalaman** | Pagkakakilanlang Heograpikal |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals 4 (SDGs) Quality Education<br>Sustainable Development Goals 13 (SDGs) Climate Action<br>Sustainable Development Goals 14 (SDGs) Life Below Water<br>Sustainable Development Goals 15 (SDGs) Life on Land<br>Disaster Literacy<br>Sustainable Tourism<br>Lokalisasyon at Kontekstuwalisasyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program: Araling Panlipunan Grades 4 and 7. (2023) Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

Adriano et al., (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Belarde et al., (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**LOOP-A-WORD**<br>Panuto: Bilugan sa loob ng kahon ang salitang tinutukoy sa bawat bilang. Sagutin ang mga tanong pagkatapos. Isulat ang sagot sa Aral Pan notebook.<br><br>1. Sukat ng lupain na nasasaklaw ng hurisdiksiyon ng isang bansa.<br>SAYTAMLKJQSTERITOTYO<br>DSNDBSVDSFURTRPEKFS<br>FKSFSJNFSJFNHAKAGATA<br>ILAWATERPPIVBFFSFNMA<br><br>2. Pulo na nadagdag sa teritoryo ng Pilipinas dahil sa kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at ng Gran Britanya noong Enero 2, 1930.<br>MANGSEEHAGRGEAGKLT<br>URTLENAGEHTDNGILKAW<br>LFKFFJGJFJFLSADJUERT<br>RPALFDHDYASARTUYJGLP<br><br>3. Artikulo sa Saligang Batas ng Pilipinas matatagpuan ang tungkulin ng bawat Pilipinong pangalagaan at ipagtanggol ang bansa.<br>HDAHDANDALAWAJSAHAN<br>CGEGATATLOKERLTNSAB<br>HDISAJWGAHAJTATLOLIM<br>ALDJDANIMAHSPITOWALO<br><br>4. Ito ay nagsasaad na ang isang kapuluang estado ay may hurisdiksiyon hanggang sa 200 nautical miles mula sa batayang guhit kung saan sinusukat ang territorial sea batay sa Doktrinang Pangkapuluan.<br>HDAEXCLUSIVEECONOMI<br>CZONEHDANDALAWAJSAH<br>ANCGEGATATLOKERLTNS<br>ABHDISAJWGAHAJTATLOL | Maaaring dagdagan pa ng guro ang mga salitang nasa kahon upang mas mapalalim ang pagbabalik-aral.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Teritoryo<br>2. Mangsee<br>3. Dalawa<br>4. Exclusive Economic Zone<br>5. Pangkapuluan<br><br>Mga Pangangailangan:<br>• Kartolina<br>• Manila Paper<br>• Marker<br>• Colored Paper |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Doktrinang pinagtibay noong 1982 kung saan ipinahahayag ang hurisdiksiyong teritoryal ng mga estado sa kani-kanilang mga karagatan kabilang na nag mga katubigang nakapaligid sa bansa, kalapagang insular, mga pook submarina na kinalalatagan ng archipelago.<br><br>AHSAKSPANTROPIKOSASA<br>SPANGKAPULUANKAJAWA<br>WAPANGKONTINENTEKAS<br>SABKONTINENTEJSSAQAK<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga nabuong salita?<br>2. May kaugnayan ba ang mga nabuong salita sa susunod na paksang tatalakayin?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Pambansang Teritoryo | Maaaring mag-print ang guro ng dalawang *emoji* na nakadikit sa isang *bamboo stick* at ipamamahagi nya ito sa mga bata. Tanungin ng guro kung ano ang kanilang marka sa kanilang natutuhan sa nakalipas na aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Piliin Mo Ang Pilipinas**<br>**Panuto:** Hahatiin ng guro ang klase sa dalawang pangkat. Bubuuin ng mga mag-aaral ang lyrics ng awit na "Piliin mo ang Pilipinas" ni Angeline Quinto at Vincent Bueno.<br><br><br>Mula sa: https://canva.com/design<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>**1.** Ano ang mensahe na nais ipaunawa ng awit?<br>**2.** Paano inilarawan sa awit ang katangiang pisikal ng Pilipinas? | Maaaring bigyan ng 2-3 minuto ng guro ang gawain. |

3. Kung bibigyan ka ng pagkakataon na pumunta sa isang lugar sa Pilipinas na hindi mo pa nararating, saan ito? Bakit?

## IKALAWANG ARAW

### 2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

***Word Webbing***

**Panuto:** Magbigay ng salita na maaari ninyong maiugnay sa pagkakakilanlang Pilipino.



Sa iyong sariling ideya, magbigay ng mga salita o pahayag na maaaring maglarawan sa katangiang pisikal ng Pilipinas?

**Anyong Sa'yo**

**Panuto:** Basahin at suriin ang mga nakatalang salita sa kaliwang bahagi ng dahon. Pangkatin ito sa kanan at itala ang kategorya nito.

Mt. Taal
Bangus
Tamaraw
Tag-init
Monkey-eating eagle
Sierra Madre
Rafflesia
Mt. Apo
Sampaguita
Marmol
Waling-waling
South Sea Pearl
Laguna de Bay
Tarsier
Mt. Pulag
Chocolate Hills

| | |
|---|---|
| | |

| | |
|---|---|
| | |

Mga Posibleng sagot:
1. Perlas ng Silangan
2. Maganda
3. Mayaman sa likas na yaman
4. Best Tourist Destination

Gamitin ang mga salita na kanilang binigay (maaaring dagdagan ngunit hindi puwedeng bawasan) upang makabuo ng depinisyon o konsepto tungkol sa katangiang pisikal ng Pilipinas.

Ginto
Tag-ulan
Kalabaw
Tubataha Reef
Gitnang Luzon

| | |
|---|---|
| | |

Mga Gabay na Tanong:
1. Ano-ano ang mga kategorya na iyong nahinuha batay sa mga salita?
2. Paano mo ikinategorya ang mga salita?
3. Ano ang inilalarawan ng mga salita at kategorya na iyong nabuo?

**Pagbuo Ng *Organizer***
**Panuto:** Kompletuhin ang graphic organizer sa pamamagitan ng pagtukoy sa heograpiyang pisikal ng Pilipinas. Isulat sa Aral Pan notebook ang P – kung panahon, K – kung Klima, AT – kung Anyong Tubig, at AL – kung Anyong Lupa ang nasa larawan.

| | | |
|---|---|---|
| Gitnang Luzon | → | |
| Mt. Pinatubo | → | |
| Hulugan Falls | → | |
| Banaue Rice Terraces | → | |
| Lake Sebu | → | |
| Tag-init | → | |

Maaraing palitan ng mga salita na angkop sa kanilang lugar ang mga halimbawa na ibinigay upang mai-angkop ito sa konsepto ng lokalisasyon at kontekrstuwalisasyon.

**Mga Tamang Sagot:**
1. AL
2. AL
3. AT
4. AL
5. AT
6. K
7. AL
8. AT
9. AL
10. AT

| | | |
|---|---|---|
| | Sagada → ____<br>Big Lagoon, El Nido, Palawan → ____<br>Tamaraw → ____<br>Butanding → ____ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Heograpiyang Pisikal (Klima, Panahon, Anyong Lupa, at Anyong Tubig)**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**CONNECT TO EXPRESS**<br>Panuto: Pag-ugnayin ang mga larawan upang makabuo ng kaisipan.<br> Mt. Pulag<br> Pagsanjan Falls<br> Chocolate Hills<br> Tubataha Reef<br>Mula sa: https://canva.com/design<br><br>Mga Gabay na Tanong:<br>1. Ano-ano ang mga lugar na nasa larawan?<br>2. Nakarating ka na bas a mga lugar na ito? Ikuwento ang iyong karanasan.<br>3. Matutukoy mo ba kung anong uri ng heograpiyang pisikal ang nasa larawan? | Gamit ang mga larawan ay pag-uugnayin ng mga mag-aaral ang mga ito upang mabuo ang konsepto ng Heograpiyang Pisikal ng Pilipinas.<br><br>Maaaring gumamit ang guro ng iba pang larawan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Awiiiit!**<br>Ipakinig sa mga mag-aaral at suriin ang mensahe na nakapaloob sa awit at sagutin ang mga gabay na tanong.<br>**TARA NA (BIYAHE TAYO!)**<br>*All Star Various Artists*<br><br>Ikaw ba'y nalulungkot<br>Naiinip, nababagot?<br>Ikaw ba'y napapagod<br>Araw gabi'y puro kayod?<br><br>Buhay mo ba'y walang saysay<br>Walang sigla, walang kulay?<br>Bawa't araw ba'y pareho<br>Parang walang pagbabago?<br><br>Tara na, biyahe tayo<br>Kasama ang pamilya<br>Barkada at buong grupo<br>Para mag-enjoy nang todo.<br><br>Halika, biyahe tayo,<br>Nang ating makita<br>Ang ganda ng Pilipinas<br>Ang galing ng Pilipino.<br><br>Napasyal ka na ba<br>Sa Intramuros at Luneta<br>Palawan, Vigan at Batanes<br>Subic, Baguio at Rice Terraces?<br><br>Namasdan mo na ba<br>Ang mga vinta ng Zamboanga<br>Bulkang Taal, Bulkang Mayon<br>Beach ng Boracay at La Union? | Maaaring gumamit pa ng ibang awitin ang guro. Hikayatin ang mga mag-aaral na makinig mabuti upang malinang ang kanilang auditory skills.<br><br>I-access ang video lyrics ng awitin sa link sa ibaba:<br>https://www.youtube.com/watch?v=-bNw-Z2ibYw |

| | | |
|---|---|---|
| | Tara na, biyahe tayo<br>Mula Basco hanggang Jolo<br>Nang makilala ng husto<br>Ang ating kapwa-Pilipino.<br><br>Halika, biyahe tayo,<br>Nang ating makita<br>Ang ganda ng Pilipinas<br>Ang galing ng Pilipino.<br><br>From city to city,<br>Seven thousand and a hundred plus islas<br>Sa mahal kong Pilipinas<br>Luzon, Visayas, Mindanao ating puntahan.<br>Huwag maging dayuhan sa sariling bayan!<br><br>Nasubukan mo na bang<br>Mag-rapids sa Pagsanjan<br>Mag-diving sa Anilao<br>Mag-surfing sa Siargao?<br><br>Natikman mo na ba<br>Ang sisig ng Pampanga<br>Duriang Davao, Bangus Dagupan<br>Bicol Express at Lechong Balayan?<br><br>Tara na, biyahe tayo,<br>Nang makatulong kahit pano<br>Sa pag-unlad ng kabuhayan<br>Ng ating mga kababayan.<br><br>Halika, biyahe tayo,<br>Nang ating makita<br>Ang ganda ng Pilipinas<br>Ang galing ng Pilipino. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Nakisaya ka na ba<br>Sa Pahiyas at Masskara<br>Moriones at Ati-Atihan<br>Sinulog at Kadayawan?<br><br>Namiesta ka na ba<br>Sa Peñafrancia sa Naga<br>Umakyat sa Antipolo<br>Nagsayaw sa Obando?<br><br>Tara na, biyahe tayo<br>Upang ating matamo<br>Ligaya at pagkakaibigan<br>Kaunlaran, kapayapaan.<br><br>Halika, biyahe tayo,<br>Nang ating makita<br>Ang ganda ng Pilipinas<br>Ang galing ng Pilipino.<br><br>Tara na, biyahe tayo<br>Upang ating matamo<br>Ligaya at pagkakaibigan<br>Kaunlaran, kapayapaan.<br><br>Halika, biyahe tayo<br>Nang ating makita<br>Ang ganda ng Pilipinas<br>Ang galing ng Pilipino.<br><br>Halika, biyahe tayo…<br>WOW Philippines…<br>Mga Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang mensahe na nais ipaunawa ng awit?<br>2. Batay sa awit, ilarawana ng katangiang pisikal ng Pilipinas? | |

3. Ano-ano ang mga anyong lupa at tubig na binanggit sa awit?
4. Sa iyong pakikinig sa awit, ano ang iyong naramdaman bilang isang mag-aaral na Pilipino?

**IKAAPAT NA ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

***Roll and Tell***



1. May malaking *dice* ang guro at ipapasa ito ng mga mag-aaral sa bawat isa habang tumutugtog ang *background music.*
2. Kapag tumigil ang tugtog, ang mag-aaral na may hawak ng *dice* ay iro-*roll* ito upang malaman kung anong numero ang para sa kanya.
3. Ang numero na lumabas ay may katumbas na katanungan na kailangan masagot ng mag-aaral.
4. Maaaring magtakda ng oras ang guro sa pagsagot ng mga mag-aaral sa bawat tanong.

⚀ Kung mananalo ka ng *all-expense-paid trip* kasama ang iyong buong pamilya, saan sa Pilipinas mo gustong magbakasyon?

⚁ Kung bibigyan ka ng pagkakataon na palitan ang pangalan ng isa sa 7,641 na isla sa ating bansa, ano ang ipapangalan mo dito?

⚂ Kung papipiliin ka: Tag-ulan o Tag-araw? Bakit?

⚃ Kung ikaw ang magdedesisyon, ano ang Pambansang hiyas: Ginto o Perlas?

⚄ Sa iyong opinyon, biyaya ba o hindi ang katangiang pisikal ng Pilipinas?

⚅ Dahil sa lokasyon ng ating bansa sa mundo na laging tinatamaan ng iba't ibang kalamidad tulad ng bagyo at lindol, ano ang mga paghahanda na karaniwang ginagawa ng inyong pamilya kung may paparating na kalamidad?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Malaya ang guro na pababawin o padaliin pa ang mga tanong upang mas mabilis na maunawaan o agad na makasagot ang mga mag-aaral ang tanong.

Maaari ring magbigay ng premyo bilang *incentive* ang guro sa mga mag-aaral na makasasagot tulad ng *candy, biscuit, star* atbp.

***I Am Ready!***
**Panuto:** Sabihin kung ano ang dapat gawin sa mga sumusunod na sitwasyon.

1. Naninirahan ka sa paanan ng Mt. Mayon, isang kilalang aktibong bulkan sa bansa.
2. Marami ang turista na umaakyat sa Mt. Pulag upang masilayan ang natatanging ganda ng *sea of clouds* nito.
3. Tinayuan ng resort o estruktura ang ilang bahagi ng Chocolate Hills.
4. Napanuod mo sa telebisyon na may paparating na bagyo at ang isa sa mga posibleng tamaan ay ang inyong lugar.
5. Patuloy ang *land conversion* ng mga lupaing agrikultural upang tayuan ng subdivisions, shopping malls, at iba pang *commercial establishments*.

***Accordion Book***
**Panuto:** Gumawa ng accordion book na naglalaman ng Heograpiyang Pisikal (Klima, Panahon, Anyong Lupa, at Anyong Tubig). Gawin itong malikhain, makulay, at kaaya-aya sa makakakita nito. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang pamantayan.


| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| Mensahe | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| Pokus | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalman |

Maaaring magpakita ng mga angkop na larawan ang guro upang mas mahinuha ng mga mag-aaral ang bawat pahayag.

Mga Pangangailangan:

- Colored Paper
- Marker
- Larawan na nagpapakita ng Heograpiyang Pisikal ng Pilipinas
- Glue'Gunting
- Marker
- Highlighter
- Scotch Tape

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**PHOTO GALLERY**<br>Panuto: Tukuyin ang mga nasa larawan at isulat ang sagot sa iyong Aral Pan notebook. Pagkatapos, kompletuhin ang start sa pamamagitan ng pagtukoy kung klima, panahon, anyong lupa, at anyong tubig ang nasa larawan.<br><br>   <br><br>Mula sa: https://canva.com/design<br><br>  <br><br>Mula sa: https://asiansurf.co/siargao-international-surfing-cup-set-to-return-to-the-philippines-this-october/ | Iminumungkahi na maghanap o magbigay ang guro ng iba pang larawan na may kaugnayan sa paksa. Maaaring mga lugar.<br><br>Sagot:<br>1. Rafflesia – Anyong Lupa<br>2. Boracay – Anyong Tubig<br>3. Tag-init - Klima |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Mag-aral is fun sa Aral Pan!**<br>Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br>Heograpiyang Pisikal (Klima, Panahon, Anyong Lupa, at Anyong Tubig) | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Ilarawan ang mga sumusunod na Heograpiyang Pisikal ng Pilipinas. Gumawa ng isang sulat para sa mga kamag-anak na nasa ibang bansa upang hikayatin ang mga ito na magbakasyon sa Pilipinas. (10 puntos)<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Isulat ang sagot sa inyong *notebook* sa Araling Panlipunan.<br>1. Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:<br>a. Populasyon<br>b. Indigenous Peoples<br>2. Magbigay ng 10 halimbawa ng mga Etnolinggwistikong Pangkat sa Pilipinas, at tukuyin kung saan sila matatagpuan. | Gumamit ng rubik bilang pamantayan sa pagpupuntos. |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>